# PAGBABALIK-TANAW

***[Pasintabi kay Huseng Batute]***

ni E. San Juan, Jr.

**"Babahagya ko nang sa noo'y nahagkan…."**

**Sapagkat lumihis ang agos sa iyong paglingon**
**binagtas ang gubat ilog hanggang dagat-baybayin**
**Alingawngaw ng batis sa alapaap abot tanaw**

**Ibig mong yapusin ang umalong dibdib**
**tinalunton sa gilid ng pilik-matang nakatirik sa dilim**

**Sandali lang, "Apat na kandilang nangababantay…."**

**Anasang umaandap-andap titis ng alitaptap**
**Luhang umagos sa noo't bumulong-bulong**
**sabik sa naglahong aliw, paano yayakapin?**

**Nais mong hagkan ang kaluluwa kahit bahagya man**
**sinagip sa hukay ng diwang binagtas**
**ngunit walang pahiwatig ang aninong naglalamay roon**

**Mula sa puyo ng buhawi ng guniguning maulap**
**sumisikat ang talang lumubog-lumutang—**

**Hintay, sino'ng umaawit ng harana sa dalampasigan?**

# AGUNYAS

ni E. San Juan, Jr.

**Lumipad na ang mailap na gansa't ibon**
**tungo sa mahiwagang pulo ng kasarinlan—**
**Tumugpa na ang mandirigmang nakiramay,**
**anino na lamang sila abot-tanaw….**

**Sa gitna ng matuwid ngunit baku-bakong landas**
**lumulutang pa ang balahibo ng bagwis—**
**Luha ng mga naulila'y tumulo't umabot**
**sa pader ng simbaha't kuta ng mayaman….**

**May kanaryo pa kayang nagbabantay**
**sa dulo ng tunel ng duguang minahan?**
**Magliliyab pa kaya ang phoenix sa pugad ng dilim?**
**Saan sisilong ang mga naglagalag?**

**Malayo ka man, Mahal, nakaluklok ka pa rin**
**sa dapog ng dibdib, apoy ng damdaming**
**Bumabalangkas ng daan sa gumuhong pader**
**tungo sa mahiwagang pulo ng kasarinlan.**

# PANAMBITAN

ni E. San Juan, Jr.

**Pag-inog ng planeta sumambulat sa lambong**
**at lambak ng utak: ikaw,**
**Mabighaning paraluman. malikmata ka ba o gayuma?**
**o singaw sa kumunoy ng pangako't panaginip?**

**Pag-ikot ng araw, humagip ang bagwis ng katawang**
**bumagsak, bumigkas, napigtal sa panimdim—**
**Diwatang mapanukso: saang dako ka pumalaot?**
**Sa balintataw ng guniguni, kaluluwa'y nagsandata.**

**Pagpihit ng buwan, natuliro sa umindak na baywang**
**puwit na gumiling sa gusi ng kamalayan—**
**Sa himok ng babaylang nagsayaw sa gilid ng bangin**
**udyok ng salamangkerang lumusong sa ligalig.**

**Pagbaling ng bulalakaw, bumabangon sa kinabwalan**
**ang alindog ng diwatang pumapalibot—**
**Sa pagtitipan, salubungin ang paralumang nagbitiw**
**di pahimakas kundi pagbati sa madugong tadhana.**